

1

January 14, 2016...

Wanted pangga for DJ Snowball. Rocks Radio in partnership with Hopia Catacutan for the Big Heart Event on February 14, 2016.

How to join: Visit any branch of Hopia Catacutan. The lucky woman who gets the Special Hopia with Strawberry Filling wins a romantic Valentine date with DJ Snowball. Bili na! More hopia means more chance of winning!

“Hopia with strawberry filling? Ano’ng lasa n’un?”

Naikibit na lamang ni Bernadette Escozar ang mga balikat at itinuon ang atensyon sa poster na napulot sa sidewalk. May ibang kopya pa niyon ang nakapaskil sa nanlilimahid na mga pader ng downtown area. Kay guwapo ni Rom Valentine Tanedo a.k.a. DJ Snowball sa poster. Nakaekis lang ang mga braso nito sa tapat ng dibdib at natural ang pagkakangiti. Nagningning ang mga mata ng dalaga, hindi mapilas ang humahangang tingin sa litrato ng binata.

Pauwi na dapat siya mula sa magdamagang pagsa-sideline bilang promo girl ng isang telecommunications carrier, pero nagbago ang isipan niya. Biyernes naman bukas at ang professor niya sa kanyang 7:30 AM subject ay nag-maternity leave kahapon. Huling taon na ni Bernadette sa kolehiyo at sa awa ng Diyos ay naigagapang naman niya ang kursong AB Psychology.

Pumasok siya sa fastfood restaurant at nag-take out ng cheesy eggdesal at kape. Wala pang isang oras ay nasa elevator na siya patungong *Rocks Radio* upang sadyain ang sikat at guwapung-guwapong disc jockey slash creative director ng nabanggit na radio station habang bitbit ang takeout box. Dumerecho siya sa rooftop na alam niyang paboritong tambayan ni Rom.

Pagkabukas ng elevator ay tumambad kaagad sa kanya

ang dalawang bultong nakatambay sa roof terrace. She immediately recognized the strong figure of her ultimate crush. Natanaw kaagad siya ng dalawang lalaki. Nakita niyang lumigwak ang likido sa loob ng hawak na mug ni Rom nang sikuhin ito ng katabing si Steve Alonso na mas kilala bilang DJ Viper sa parehong radio station. Panay ang ngisi ng huli at hitit-buga sa cigarette stick na inipit nito sa pagitan ng dalawang daliri.

“Magandang umaga sa inyo!” Bernadette’s voice was oozing with enthusiasm and her ears grew hands. Pumalakpak ang tainga niya sa walang kapantay na kilig at ligaya. Kaninong tainga ang hindi papalakpak kung ang kaharap mo ay ang pinakaguwapong nilalang ng sanlibutan?

Rom Valentine Tanedo looked delectable and impossibly scrummy in his black shirt, pair of straight jeans that hung low on his narrow hips, and a sexually appealing smile on his f*cking sexy lips. She watched him wipe off the hot, brown liquid from his mouth. Nahiling niya tuloy na sana ay naging bula na lang siya sa kape nito.

Bagay na bagay kay Rom ang *Big Heart Event* na gaganapin sa Pebrero dahil sa pangalan nitong Rom Valentine. The Roman-ish hunk was born on Valentine’s

Day into an extremely rich family of nurses and doctors.

Ito lang ang nalihis ng daan nang piliin nitong kumuha ng Mass Communication dahil sa angking galing at hilig sa pakikipag-usap at pakikiharap sa mga tao. Isa pa ay biniyayaan ito ng talento sa pagsasalita.

Boses palang ng binata ay ulam na at pang-top model ang hulma ng katawan. Nabihag na nito ang puso ng milyun-milyong kababaihan kasama na pati ang sa kanya.

Una itong narinig ni Bernadette bilang DJ Snowball sa *Pa-love-pad Hangin* late night program ng *Rocks Radio*. She fell in love with his voice and became an avid fan. Gabi-gabi ay nakikinig siya sa mga problemang pampuso at mga payo nitong puno ng katuturan kahit na mapuyat siya at ilang beses na ring nahuli sa pagpasok sa school kinabukasan.

Apat na buwan din siyang naging avid listener ni DJ Snowball bago siya nagpasyang puntahan ang radio station para personal na mabistahan ang mukha ng iniidolong disc jockey. Malinaw pa sa isip niya ang alaala ng unang beses niya itong makita.

Halos magkandabuhol ang mga paa ni Bernadette sa mabilis na paghakbang. Malapit na siya sa dulo ng mahabang pasilyo nang matanaw niya ang tumpok ng

mga kolehiyalang naghahagikgikan. Sinuri niya ang sarili. She had the worst hair in the history of human race. Rush hour kasi kaya siksikan sa bus. Her eyeliner was smeared under her eyes and her lips paled without her cherry pink colored lipstick.

Hinanap niya ang kikay kit at hinugot ang lipstick. Ipapahid na lang niya iyon sa labi nang mabunggo siya ng isa sa mga kolehiyalang dumaan sa gilid niya. She shrieked and glared at the witch who didn't even bother to apologize. Na-threaten yata ito sa ganda at postura niya. Hindi pa maayos ang makeup niya sa lagay na iyon. Nang sulyapan niyang muli ang radio booth ay napasinghap siya dahil sa mukhang kanyang nasilayan.

Bernadette was effortlessly mesmerized at the sight of a man leaning against the door jamb. May hawak itong mga cards, regalo at bulaklak na malamang ay ibinigay rito ng mga kolehiyalang kaaalis lang. Awtomatikong nagliparan ang munting mga paru-paro sa kanyang tiyan. Nakakita rin siya ng mga anghel na pinapatugtog ang hawak na trumpeta. Right at that moment, while looking into his eyes, she had a taste of paradise.

"Are you okay, Miss?" tanong nito sa kanya.

"Okay na ako ngayong nandito ka," hirit niya. Hindi

niya makakalimutan ang naaaliw na ngiting gumuhit sa mga labi ng binata dahil sa sinabi niya. His charming smile made her see floating hearts everywhere and more angels... with trumpets!

“DJ Snowball, on air in ten minutes!” tawag dito ng lalaking nasa loob ng booth.

“I-ikaw si DJ Snowball?” Hindi siya makapaniwalang kay guwapong nilalang pala ng taong sinusubaybayan niya gabi-gabi. Hindi lang boses ang kahali-halina rito kundi mas na ang pisikal nitong anyo.

Magmula nang araw na iyon ay hindi na niya tinantanan si Rom. Puspusan ang ginawa niyang pagpapapansin dito. Isinumpa niyang magiging boyfriend niya ito, subalit tumirik na at namuti ang mga mata ni Bernadette ay hindi pa rin natutupad ang hiling ng kanyang puso. Pakipot ang lalaki at pinahihirapan siya nito nang husto. Diyata’t naniniwala ito sa long-term courtship.

Boses ni Steve ang pumutol sa paglalayag ng diwa ng dalaga sa nakaraan at nagbalik sa kanya sa kasalukuyan. “Nandito na naman ang masugid mong manliligaw. Walang mintis. Present lagi si Ate,” kanyaw ni Steve kay Rom, sabay siko rito. Napailing lang ang huli bago siya

sinulyapan at ang kipkip niyang takeout box at kape.

She rattled a bit. Pagdating naman kay Rom ay nawawala siya sa katinuan. “P-para nga pala sa iyo ’to.” Lumawak ang pagkakangiti niya nang magtama ang mga mata nila ng binata. Wala siyang pakialam kahit na siya itong hahabul-habol, nanunuyo at nanliligaw.

Sabi nga nila, daig ng malandi ang maganda. Mabuti na lang at hindi lang siya maganda kundi may bahid din ng kalandian. Bawal ang papatay-patay. Hindi mabilang sa dami ang bilang ng mga babaeng nakapila mapansin lang ni Rom at handang makipagkompetensya sa kanya.

Rom’s nose creased. “Busog pa ako. I just finished eating.”

“Pero... pero masarap ’to!” giit niya.

“Hindi ako mahilig sa masarap.”

Of course it was his subtle way of refusing. Parati naman nitong tinatanggi ang mga pagkain at regalong ibinibigay niya rito.

“Ako na lang ang kakain niyan, Berns.” Bago pa siya makatugon ay naagaw na ni Steve ang takeout box.

Tututol pa sana siya subalit nabuksan na ni Steve ang kahon at sininghut-singhot ang laman niyon. She slapped a hand on her right hip. “Sige na, sa ’yo na lang.

Nakakahiya naman sa 'yo. Mukhang ginutom ka sa inyo, eh.”

He just grinned. “Mmm... eggdesal! Bukas magdala ka naman ng tapsilog,” request nito.

Sinimangutan niya ang lalaki. “Wow, abuso ka na, ha! Ikaw ba ang nililigawan ko? Hindi mo ba afford ang tapsilog? Iyan kasi nauubos ang pera mo sa pangongolekta ng babae.”

Hindi napalis ang ngisi sa mukha nito. “Ako’ng bahala sa 'yo. Ilalakad kita sa kaibigan ko,” Steve winked. “And for your information, nag-iisa lang ang babae sa buhay ko, si Arci Muñoz lang. Good boy 'to. Kahit na maghubad pa sa harapan ko ang ibang babae ay hindi ko papansinin.”

Napapailing lang si Rom habang tahimik na nakikinig sa pag-aasaran nila ni Steve.

“Nga pala, totoo ba itong *Big Heart Event* ninyo sa February 14?” tanong niya kay Steve bago bumaling kay Rom. “Makikipag-date ka ba talaga sa babaeng makakakuha ng special hopia with strawberry filling?” Inangat ni Bernadette ang hawak na poster at iwinagayway sa hangin.

Nagkibit-balikat lang si Rom, patuloy na sinisimsim ang kape.

“Naku, hindi ko palalampasin ’to! I’ll make sure na ako ang masuwerteng babae na makaka-date mo sa Valentine’s Day! Kahit na mapurga at maimpatso pa ako sa hopia.”

Nagtaas ng kamay si Steve. “Tutulungan kita diyan basta ba magdala ka lang palagi ng pagkain dito sa station,” anito sa pagitan ng pagnguya.

Itinirik niya ang mga mata. “Eh, bakit ba sumisingit ka diyan? Ang usapan hanggang dito lang, o.” Ginuhitan niya ng invisible line ang hangin. “At isa pa, manghuhula ka ba? Kaya mong hulaan kung saan ko mabibili ang special hopia? ’Tsura nito.”

Tumikhim si Rom. “Ubos na ’tong kape ko. I need to go back. Tapos na ang ten-minute break. Maiwan ko na kayo rito,” anito na hindi man lang nagkomento sa sinabi niya. Tinapik nito sa balikat si Steve bago sila nilampasan. Hindi man lang siya nito tiningnan. Hmph! Masungit na, isnabero pa!

“Teka lang!” tawag ni Bernadette sa binata.

“Yes?” kunot-noong lingon nito sa kanya na mukhang hindi naman buo sa loob ang pagtugon at napilitan lang talagang lumingon.

“Para sa iyo. Pakiusap, tanggapin mo naman.” She

held a chocolate bar in her hand. Imported ang tatak ng tsokolateng iyon at pinag-ipunan niyang talaga.

Bumuntong-hininga si Rom pero kagaya ng pakiusap niya ay hindi na nga nito tinanggihan ang tsokolate.

“Thank you, Berns, but seriously though, you have to stop courting me. Lalaki ako. Hindi ko gusto ang ideyang ako pa ang nililigawan at sinusuyo ng babae.”

“Madali lang namang tumigil kung sasabihin mong liligawan mo ako.” Gumuhit ang maningning na ngiti sa mga labi niya. Mamamatay siya sa kilig kapag niligawan nga siya nito.

“No dice, Bernadette.”

Umikot ang bola ng kanyang mga mata. “Grabe, hard to get. Ano pa ba ang kailangan kong gawin para mapasagot kita? Lahat yata ginawa ko na. Sinisipagan ko ang pagdalaw sa ’yo rito, dinadalhan kita ng mga regalo, in-announce ko na sa buong mundo na gusto kita. Kulang pa ba?”

He groaned. “I don’t need anything from you, Berns. I just want you to stop. Maging normal ka lang. Hindi ka lalaki.”

“But I have balls, and so what if ako ang nanliligaw sa lalaki? Abnormal na ba iyon? Hindi ba puwedeng

liberated lang akong mag-isip? Wala naman na tayo sa panahon ni *Maria Clara*, ah.”

Pinukol siya nito ng napipikang tingin. “You will never listen, will you? Itutuloy mo pa rin itong kalokohan mo?”

Tumango siya at ngumisi, sabay ipit ng buhok sa likod ng tainga.

“Bahala ka nga. Huwag na huwag mo lang akong sisisihin kapag nagising ka isang araw at na-realize mong nasayang lang pala ang panahon at oras mo sa akin,” pagsusungit nito bago siya iniwan.



“Sit back, relax and enjoy our music that is fraught with love songs for some of the achy, breaky hearts out there. Good night, everyone. DJ Snowball signing off.” Kasunod niyon ay pumailanlang ang malamyos na musika sa ere. He volumed up the song.

Inalis na ni Rom ang headset. Lagpas hatinggabi na pero naroon pa rin si Bernadette at nagkakasyang panoorin siya. Lihim siyang napaungol. “You’re still here? Hindi ba’t may pasok ka pa bukas?”

“Nanganak ang prof namin,” maagap nitong tugon. His forehead creased. “O, so may substitute teacher

naman siguro.”

“Posible pero first day niya bukas sa klase namin, kaya siguradong wala munang long quiz.” Mabilis itong tumayo nang makitang nailigpit na niya ang mga gamit.

“In short, mag-a-absent ka?”

Atubiling ngumisi ang dalaga at wala sa loob na nginatngat ang impressively manicured nitong kuko sa hintuturo. “Parang gan’un na nga.”

He let out a ‘tsk-tsk’ sound. “Disappointing. Inuuna mo pa ang pagtambay dito kaysa sa pag-aaral mo. And look at your makeup. You’re only what, twenty-one years old? Pero kung makapag-makeup ka masyadong makapal. And your skirt, that’s too short!” He gaped at the ruffled skirt. “That’s four inches above the knee! Sobrang ikli!”

Tigagal na natingnan nito ang sarili. “Rumaket ako bilang promo girl. Ito ang outfit na ni-require sa amin.”

“Sana pala maaga kang umuwi. Sa ayos mong iyan baka mapagkamalan ka pang... never mind.” Kinuha ng binata ang black leather bag at inilabas ang susi ng *Ford Ranger*. “Ingat ka sa pag-uwi.”

Nanlaki ang mga mata ni Bernadette. “Iwanan mo ako? Hindi ka man lang ba mag-o-offer na ihatid ako pauwi?”

He smirked. “No.”

“Ano! Paano ako makakauwi nito?” Nanlumo ang dalaga.

“Mag-taxi ka,” suhestyon ni Rom, sabay tulak sa glass door. Dumerecho siya sa elevator. Wala siyang narinig na mga hakbang sa likuran, kaya in-assume niyang nagpaiwan ang babae. Pinindot na niya ang close button nang biglang iharang ni Bernadette ang maliit na katawan sa pasara nang pinto ng elevator. “Oh, God! Are you nuts? What did you do that for? Gusto mong maipit ka?” galit niyang hiyaw.

“Okay lang ako. Salamat sa concern,” nakangiti na naman nitong wika, nawala ang panlulumo kanina.

Nagkaguhit ang pagitan ng magkabila niyang kilay. How could this woman smile this wide despite being nearly squashed? Impossible! “I wasn’t a bit concerned. I was terrified! Hindi ako handang makasaksi ng katawang na-sandwich sa elevator!”

Lumabi ito. “Sa lahat na lang ng bagay, masungit ka. Maging mabait ka naman sa akin kahit minsan lang. Kasalanan ko ba na tumibok ang puso ko para sa iyo? Kasalanan mo dahil guwapo ka, matipuno, matalino, at nasa iyo na yata ang lahat.”

Patuloy sa paglilitanya ang dalaga habang nakabuntot sa likuran niya hanggang sa humantong sila sa parking lot. “Bawal ka pa bang ligawan? Hindi pa ba puwede? Strict ba ang parents mo? Sabihin mo lang, handa naman akong maghintay kahit gaano pa katagal.”

He opened the door of his car and deposited himself in the driver seat. Nakukulili na ang tainga niya sa ingay ni Bernadette. Hindi ito nauubusan ng masasabi.

“Hoy, seryoso ka? Pababayaang mo talaga akong magisa rito?” Kinalampag nito ang bintana ng sasakyan niya.

Rom let out an exasperated sigh. Saan ba namana ng babaeng ito ang kakulitan? He turned the ignition key of the car. Kitang-kita niya ang paglaki lalo ng mga mata ni Bernadette. Umiling siya at pinatakbo ang sasakyan. The woman shrieked following a loud ripping sound. Madali niyang tinapakan ang brake at bumaba ng sasakyan.

“Shit! What happened? Bakit ba lahat na lang ng kalokohan at kamalasan pinakyaw mo nang lahat?” Nilapitan niya ang dalagang hindi malaman kung paano ikukubli ang sarili. She was as good as naked! Naka-expose ang legs nito at ang black underwear. May nakasulat pa sa salawal nito in bold print, *Kiss Me Here*.

Natampal niya ang noo. Mukhang naipit sa pinto ng

sasakyan niya ang palda nito at napunit nang patakbuhi niya iyon. He sighed. “Come on, hop in. Ihahatid na kita sa bahay n’yo.”

“Totoo?”

“I don’t have a choice! Alangan namang pagbayaan kitang umuwi na ganyan ang hitsura.” He groaned. “And with that underwear, mapapahamak ka.” Pakiramdam ni Rom ay isang batang paslit ang pinagagalitan niya. Kaya nga hindi niya ito gusto. He’s way more attracted to mature women, and Bernadette had always acted like a child. Sinong matinong babae ang proud na ipangalandakan na ito pa ang nanliligaw sa lalaki? Isa pa, may girlfriend na siya, si Cristina, at alam iyon ni Bernadette. English teacher si Cristina sa China at mag-iisang taon na roon.

He threw a sidelong glance at the woman beside him. Tahimik lang ito at nagkasya na sa pagtingin-tingin sa labas ng bintana. Maganda ang dalaga—authentic Filipina beauty. Nasa 5’2” ang height nito. Iniwasan niya lang na tingnan ang legs nito dahil sobrang kinis niyon.

“Puwede ka munang matulog kung gusto mo. I-recline mo lang ang upuan. Gigisingin na lang kita kapag nand’un na tayo sa tapat ng bahay n’yo,” aniya sa katabi. Alam na

niya ang address ng bahay nito. Minsan na niya itong naihatid doon sa pamimilit ni Steve nang minsang ginabin sa station si Bernadette.

“Hindi na. Hindi naman kasi ako inaantok.”

Tahimik lang sila sa buong durasyon ng byahe. Napagod din siguro ang lalamunan nito sa kakareklamo at kakalitanya kanina.

“Salamat sa paghatid, Rom!” anang dalaga nang marating na nila ang harapan ng bahay nito.

“Wait.” He leaned forward to grab something from the backseat. Dahil doon ay lumiit ang distansya sa pagitan ng kanilang mga mukha. He could smell her fresh and natural scent—babaeng-babae na humahalo sa fruity cologne nito. Dinig niya ang malakas na pagsinghap ni Bernadette. Nanigas ang likod at mukha nito at umawang ang mga labi nito. “Use this to cover yourself.” Iniabot niya rito ang kanyang sports jacket.

Namula ito. “S-salamat. Ibabalik ko na lang sa ‘yo ’to bukas,” kinikilig nitong sabi.

“Hindi na. You can keep it.”

Lalong namula ang mukha ni Bernadette. Tipid itong tumango at inalis ang seat belt pero hindi kaagad bumaba.

“Huwag mong sabihing may nakalimutan ka pa sa

station? Hindi na kita sasamahan pabalik d'un."

"Hindi. May... may gusto lang sana akong ibigay sa 'yo."

Bago pa niya mahulaan ang tumatakbo sa utak ng kausap ay nahagkan na siya nito sa pisngi. The woman jumped out of the car, giggling. Napailing na lang si Rom sa kapilyahan nito. "Kids nowadays," he murmured.



"Hi, caller! Your name, please?"

Tumikhim ang babaeng nasa kabilang linya, pero hindi agad ito nagsalita.

Kumunot ang noo ni Rom. "Caller, are you still there?"

"Oo! Oo, n-nandito pa. Pasensya na, kinakabahan kasi ako."

Lalong dumami ang gatla sa noo niya. Napakapamilyar kasi ng boses nito, subalit pinili niyang ignorahin ang malakas na kutob. "Oh, I see. It's okay, don't worry I don't bite over the phone, ang hirap yata n'un, and I don't eat kids, anyway," pagbibiro niya at pinindot ang tumatawang sound effect.

"Oy, hindi na ako bata, ah. Dalaga na ako," protesta ng caller.

He shook his head, smiling. “Inaalis ko lang ang kaba mo. Now that I think you’re okay, p’wede ko na bang makuha ang pangalan mo, mystery caller?”

“Secret muna.”

“*Secret-muna*, that’s a really peculiar name. How old are you, Secret-muna?” patuloy niyang pagbibiro. Hindi naman nag-react ang caller. Mukhang determinado itong huwag munang sabihin ang tunay na pangalan kaya hinayaan na lang niya.

“Twenty-one po,” tugon nito.

“Alright, maaari mo nang i-share sa amin ang dinadamdam ng iyong puso.”

Tumikhim uli ang dalaga at huminga nang malalim. “M-may gusto akong lalaki. Sobrang guwapo niya. Sobrang hot. Sobrang ganda ng boses at sobrang mahal ko siya.”

“Wow, this guy should be almost perfect!” he remarked, at pinindot ang sweet sound effect.

“Tama, para sa akin nga perfect na talaga siya! Kung mabibigyan ako ng pagkakataong maging isang bagay, gugustuhin kong maging underwear niya para kahit saan siya magpunta ay nakadikit ako sa kanya.”

“Wow!” Hindi niya napigil ang paghalakhak. Ngayon

niya lang nalamang may tao palang gugustuhing maging isang underwear! Terrible! “Ano ang message mo sa lalaking ito na gustung-gusto at mahal na mahal mo?”

The mystery caller cleared her throat. Tila kabadung-kabado ito. “Uhm... alam kong nakikinig ka ngayon, sana maramdaman mong mahal kita at handa akong gawin ang lahat-lahat para sa iyo. Umaasa akong susuklian mo ang pag-ibig ko sa 'yo balang-araw at sana ay magka-forever tayo.”

Napangiti na naman si Rom at hindi niya mapahinto sa pag-iling ang ulo. “Alright, bato na lang ang puso ng lalaking mahal mo kung hindi pa maantig ang puso niya sa mga sinabi mo.”

“Talaga?”

“Talagang-talaga. Gusto mo bang banggitin ang pangalan niya on air?”

“Oo. Ang pangalan niya ay Rom Valentine Tanedo. Rom, I love you to the moon and back. Pansinin mo naman sana ako. I love you forevs, promise.”

Nabilaukan sa sariling laway ang binata nang marinig ang kanyang pangalan. *Shit, si Bernadette 'to panigurado!* “Is that all, mystery caller?” Pinilit niyang umaktong normal.

“Gusto ko sanang humingi ng advice. Tingin mo kung magsisipag ako sa panliligaw ko sa kanya, posible kayang magustuhan niya rin ako?”

He wanted to kick her naughty arse at the moment. Sa kanya pa talaga nanghingi ng advice! “I think, dapat ay hintayin mong ang lalaki ang manligaw sa ’yo. If he likes you back, for sure liligawan ka niya. Okay? Sige, ano ang song request mo, mystery caller?” Gusto na niyang tapusin ang pag-uusap na iyon, pero tila naman ayaw ibaba ni Bernadette ang telepono.

“Crazy for You.”

“Thank you, mystery caller. Hintay ka lang at darating din ang pag-ibig sa ’yo. Huwag lang nating isiksik masyado ang sarili sa taong ayaw sa atin at malay mo naman, baka hindi pa siya ang ‘the one,’” pasaring ni Rom bago mabilis na pinutol ang tawag at dahil naiinis siya kay Bernadette ay hindi niya pinatugtog ang request nitong *Crazy for You*. Sa halip ay ang kantang *We Are Friends* ang pinatugtog niya saka in-insert ang tatlong commercials.

